Department of Education
Region X- Northern Mindanao
**DIVISION OF ILIGAN CITY**

Gen. Aguinaldo St., Iligan City
Telefax No. (063) 221-6069

www.depediligan.weebly.com
depediligancity@yahoo.com

**ADBAYSORING PANSANGAY Blg. 01 , s. 2016**

PARA SA: LAHAT NG PANDISTRITONG TAGAMASID SA PAMPUBLIKONG PAARALAN
LAHAT NG PUNONGGURO SA ELEMENTARYA AT SEKUNDARYA NG PAMPUBLIKO AT PAMPRIBADONG PAARALAN

PAKSA: **2016 PAMBANSANG KUMPERENSYA SA FILIPINO**

PETSA: Enero 6, 2016

1. Kalakip ay ang DepED Advisory No. 287, s. 2015 na nagbibigay alam tungkol sa idaraos na **2016 Pambansang Kumperensya sa Filipino** na may temang *Ang Pagtuturo sa Loob at Labas ng Bansa* sa darating na Pebrero 4-6, 2016 sa MSU-IIT, Lungsod ng Iligan.

2. Ang mga guro sa Filipino sa mga pampubliko at pampribadong paaralan ay imbitadong dumalo sa naturang pambansang kumperensya. Ang butaw ay nagkakahalaga ng tatlong libo at limandaang piso (PhP 3,500.00) para sa rehistrasyon, seminar kit, sertipiko, tatlong pananghalian at anim na isnak. May nakalaang deskwento sa maagang makapagbabayad sa/bago 20 ng Enero 2016. Makipag-ugnayan lamang kay Nerissa L. Hufana, Ph.D, tserperson ng Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika sa MSU-IIT, Iligan City (Mobile Phone: 0917-716-7003 o sa Telepono (063) 223-1924).

3. Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepED Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

4. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng Adbaysoring ito sa mga kinauukulan.

**RANDOLPH B. TORTOLA, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Kalakip:

DepED Advisory No. 287, s. 2015

DepEd Advisory No. 287, s. 2015
September 17, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

## 2016 PAMBANSANG KUMPERENSYA SA FILIPINO NG KOLEHIYO NG MGA SINING AT AGHAM PANLIPUNAN MINDANAO STATE UNIVERSITY-ILIGAN INSTITUTE OF TECHNOLOGY (MSU-IIT)

Ang Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika, Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan, Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT) ay magdaraos ng *2016 Pambansang Kumperensya sa Filipino* na may temang *Ang Pagtuturo ng Wika at Panitikang Filipino sa Loob at Labas ng Bansa* mula sa ika-4 hanggang ika-6 ng Pebrero, 2016 sa MSU-IIT, Lungsod ng Iligan.

Ang layunin ng Kumperensya ay ang mga sumusunod:

1. makapagbigay ng mabisang tagpuan para sa mga kalahok na mga titser instraktor, propesor at mag-aaral sa Filipino upang maibahagi ang mahahalagang impormasyon kaugnay ng pagtuturo ng Filipino sa Pilipinas maging sa iba't ibang bahagi ng mundo;
2. mailahad sa kanila ang iba't ibang isyu, kagawian (*practices*), estratehiya at/o karanasan sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino; at
3. makapaglaan ng pagkakataong maipaalam sa kanila ang kinalabasan ng mga pananaliksik tungkol sa iba't ibang paksa.

Ang mga mag-aaral na gradwado at mga guro sa Filipino sa mga pampubliko at pampribadong paaralan at mga mananaliksik ay imbitadong dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag alin man sa mga sumusunod:


- Nerissa L. Hufana, Ph.D.
  Tserperson
  Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika
  Kolehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan
  Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT)
  Andres Bonifacio Avenue, Tibanga, Lungsod ng Iligan
  Mobile Phone 0917-716-7003
  Telepono (063) 223-1924
  Email Address: cass.dfiw@g.msuiit.edu.ph

- Mary Ann S. Sandoval, Ph.D.
  Direktor ng Komperensya 2016
  Mobile Phone 0920-906-1884; 0917-616-0843; 0922-843-2755
  Email Address: maryzann@yahoo.com


Sally: DA-2016 pambansang komperensya sa Filipino (MSU-Iligan)
0576-September 7, 2015